Social Security

# Ang Iyong Numero At Tarheta Ng Social Security

www.socialsecurity.gov

# Ang Iyong Numero At Tarheta Ng Social Security

Ang Numero ng Social Security ay mahalaga dahil kailangan mo ito upang maka-kuha ng trabaho, maka-kolekta ng mga benepisiyo ng Social Security at maka-tanggap ng iba pang mga paglilingkod ng pamahalaan. Karamihan ng ibang mga negosyo, tulad ng mga bangko at mga kompanyang nagpa-pautang, ay humihingi rin ng iyong numero.

Kung ikaw ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos at ikaw ay nakatira sa Estados Unidos, maaaring kailangan mo rin ang numero ng Social Security. Para sa karagdagang kaalaman, tunghayan ang *Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publicasyon Blg. 05-10096-TL). Kung ikaw ay pansamantalang nasa Estados Unidos upang mag-trabaho, tunghayan naman ang *Mga Dayuhang Manggagawa at mga Numero ng Social Security* (Publicasyon Blg. 05-10107-TL).

## Paano ako makakakuha ng numero at tarheta?

Para mag-hain ng numero at tarheta ng Social Security:

- Buuin ang *Aplikasyon Para Sa Tarheta Ng Social Security* (Form SS-5-TL); at
- Ipakita sa amin ang mga orihinal na katibayan o mga nagpapa-tunay na kopya galing sa tagapag-alaga ng mga talaan na pinapatunayan ang:
  — Pagiging mamamayan mo ng Estados Unidos o pang-imigrasyong katayuan (kabilang ang pahintulot ng Department of Homeland Security [DHS] na

magkapagtrabaho sa Estados Unidos);

— Edad; at

— Pagka-kakilanlan

Pagkatapos ay dalhin o ipadala ang kinumpleto mong aplikasyon at mga katibayan sa lokal na tanggapan ng iyong Social Security.

**Pagka-mamamayan o pang-imigrasyong katayuan:** Tatanggapin namin ang mga ilang tiyak na kasulatan bilang katunayan ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos. Kabilang dito ang katibayan ng kapanganakan sa Estados Unidos, pag-uulat ng kapanganakan mula sa konsul ng Estados Unidos, pasaporte ng Estados Unidos, katibayang nagpapatunay na ikaw ay isang Naturalisado, o katibayan ng Pagkamamamayan. Kung ikaw ay hindi mamamayan ng Estados Unidos, hihilingin ng Social Security na matingnan ang iyong mga kasalukuyang katibayan na nanggaling sa U.S. Immigration. Kabilang sa mga tinatanggap na katibayan ay ang iyong:

- Form I-551 (kasama dito ang pang-darayuhang bisa na madaling nababasa ng makina, kasama ng hindi pa lipas sa panahon na pang-darayuhang pasaporte);
- I-94 kalakip ng hindi pa lipas sa panahon na pangdarayuhang pasaporte; o
- Work permit card (tarhetang may kapahintulutang mag-trabaho) na galing sa Department of Homeland Security (I-766 o I-688B).

Ang mga internasiyonal na estudyante ay dapat magbigay pa ng ibang kasulatan. Para sa karagdagang kaalaman, tunghayan ang *Mga Pandaigdigang Mag-aaral At Mga Numero ng Social Security* (Publikasyon Blg. 05-10181-TL).

**Edad:** Dapat kang mag-bigay ng katibayan ng iyong kapanganakan kung nasa iyong pag-aari ito o kung ito ay madali mong makukuha. Kung hindi naman, maaari naming isaalang -alang ang iba pang mga katibayan, tulad ng iyong pasaporte, upang mapatunayan ang iyong edad.

**Pagkaka-kilanlan:** Tatanggapin namin ang ilang tiyak na katibayan bilang katunayan ng pagka-kakilanlan. Ang papayagan naming katibayan ay dapat pang-kasalukuyan (hindi lipas sa panahon) na dapat nakikita ang pangalan mo, makapagtuturo ng kaalamang nauukol sa iyong pagka-kakilanlan, at may kasamang kakukuhang larawan mo. Hihingin ng Social Security na makita ang lisensiya ng pagmamaneho sa Estados Unidos, tarheta ng pagkakakilanlan na ipinagkaloob ng estado, o pasaporte ng Estados Unidos bilang katunayan ng pagkakakilanlan. Kung wala ka naman ng mga hinihiling naming detalyadong katibayang ito, hihingin ka namin ng iba pang mga katibayan kabilang dito ang:

- Tarheta ng pagka-kakilanlan bilang kawani;
- Pang-paaralang tarheta ng pagkakakilanlan;
- Katibayan ng naganap na kasalan;
- Tarhetang galing sa pangkalusugang kaseguraduhan (hindi ang tarheta ng Medicare);
- Tarheta ng pagka-kakilanlan na mula sa U.S. military;
- Kautusan sa pag-aampon; o
- Patakarang kaseguraduhan ng buhay.

***Ang lahat ng mga kasulatan ay ka-kailanganing dapat orihinal o pagpapatunay na kopya galing sa tagapag-alaga ng mga talaan. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga***

***larawang-sipi o ipina-notaryong kopya ng mga katibayan.*** Maaari naman na ang isang katibayan ay magamit namin sa pang-dalawahang layunin. Halimbawa, ang iyong pasaporte ng Estados Unidos ay maaari naming gamiting katunayan ng pagka-mamamayan at ng pagka-kakilanlan. O maaari din naming gamitin ang katibayan ng iyong kapanganakan sa Estados Unidos bilang katunayan ng iyong edad at pagka-mamamayan. ***Ganoon pa man, dapat kang mag-bigay ng humigit kumulang dalawang magka-bukod na katibayan.***

Ipapadala namin ang tarheta at numero sa iyo kapag napasa-kamay na namin ang lahat ng aming ka-kailanganin at napag-tanto naming tunay ang mga katibayang nagmula galing sa iyo sa kadahilanang pagpa-patunay na rin ng tanggapang nagbigay sa iyo ng mga katibayan.

## Magkano ang bayad nito?

Hindi kami naniningil ng kabayaran sa tarheta at numero ng Social Security. Kung may maki-kipag alam sa iyo at gusto kang pagbayarin para maka-kuha ng tarheta at numero, o para sa ano pa mang paglilingkod na ginagawa ng Social Security, paka-alalahanin lang na ang mga tulong na ito ay libre at walang bayad. Mag-ulat sa pamamagitan ng pag-tawag sa tanggapan ng Inspector General sa kanilang hotline sa numerong **1-800-269-0271** kung may sino mang magta-tangkang maningil sa iyo.

## May ibat-ibang uri ba ng tarheta?

Tatlong uri ng mga tarheta ng Social Security ang naipa-mimigay namin. Lahat ng mga tarhetang ito ay makikita ang pangalan mo at iyong numero ng Social Security.

1. Ang unang uri ng tarheta ay makikita ang pangalan mo at numero ng Social Security na pinahi-hintulutan kang mag-trabaho na walang pagbabawal. Ipinamamahagi namin ito sa:
   - Mga mamamayan ng Estados Unidos; at
   - Mga taong may pangbatas na pagpapasok at pirmihang paninirahan sa Estados Unidos.
2. Ang pangalawang uri ng tarheta ay makikita ang pangalan mo at numero at ang paunawang "VALID FOR WORK ONLY WITH DHS AUTHORIZATION."(May Bisa Para Magtrabaho Kung May Kapahintulitan Ng DHS) Ipinamamahagi namin ang uri ng tarhetang ito sa mga taong may pangbatas na kapahintulutan na may batayang pansamantalang nakapasok sa Estados Unidos at may kapahintulutan ng DHS para magkapag-trabaho.
3. Ang pangatlong uri ng tarheta ay makikita ang pangalan mo at numero at ang paunawang "NOT VALID FOR EMPLOYMENT" ("Walang Bisa Para Magtatrabaho") Ipinamamahagi namin ito sa mga taong nagmumula sa mga ibat-ibang bansa:
   - Na may pangbatas na pagpapasok sa Estados Unidos na wala namang kapahintulutan ng DHS para mag-trabaho, subalit may mabisang dahilan na walang kinalaman sa pagta-trabaho na manga-ilangan ng numero ng Social Security; o
   - Na dahil sa kautusan ng batas ng pederal na kailangan ang numero ng Social Security upang makakuha ng benepisiyo o serbisyo.

# Papaano ako makakakuha ng numero ng Social Security para sa aking anak?

Pagka-panganak mo, magaling na kaisipan ang kumuha ng numero para sa iyong sanggol. Kapag nag-hain ka ng katibayan ng kapanganakan ng iyong sanggol ay maaari ka na ring mag-hain para sa numero ng Social Security niya. Ibabahagi ng mga sangay ng estado sa amin ang kanilang kaalaman tungkol sa sanggol mo. Ipapadala namin sa iyo ang tarheta ng Social Security para sa iyong sanggol.

O maaari ka namang mag-hintay at mag-hain ng numero para sa sanggol mo sa saan mang tanggapan ng Social Security. Kung ikaw ay maghi-hintay, ka-kailanganin mo kaming pagka-looban ng katunayang nagpapatibay ng edad, pagka-kakilanlan, at katayuan ng pagka-mamamayan sa U.S. ng anak mo at pati na rin ng katunayan ng iyong pagka-kakilanlan. Kailangan naming suriin ang talaan ng kapanganakan ng sanggol mo. Ang Gawaing ito ay maaring tatagal ng mga labing dalawang linggong panahon para maipagkaloob namin ang tarheta. Para masuri ang talaan ng kapanganakan, ang Social Security ay maki-kipag-alam sa sino mang tanggapan na nag-bigay nito.

Ang sino mang mag-hahain ng orihinal na tarheta ng numero ng Social Security, at ang edad niya ay labing dalawang 12 taong gulang o mas nakatatanda pa rito ay nararapat na makipag-kita sa amin ng personal para sa harapang paki-kipanayam sa saan mang tanggapan ng Social Security, kahit na ang magulang o naturingang tagapag-alaga ang pipirma ng aplikasyon sa ngalan ng bata.

**Pag-aampon:** Maaari kaming mag-talaga ng numero para sa inampon mong anak bago pa man matapos ang pag-aampon, subalit baka mas mabuti pang maghintay kayo. Tapos nito, maaari kang mag-hain para sa numero na gamit ang bagong pangalan ng bata. Kung ninanais mong angkinin ang anak mo para sa pang-buwis na layunin habang hindi pa natatapos ang pag-aampon, makipag-bigay alam ka sa Internal Revenue Service (IRS) para sa Form W-7A, *Aplikasyon para sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Nagbabayad ng Buwis para sa mga Napipintong Pag-aampon sa U.S.* (*Application for Taxpayer Identification Number for Pending U.S. Adoptions*). Para sa karagdagang kaalaman, tunghayan lang, *Ang Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Kabataan* (Publikasyon Blg. 05-10023-TL).

## Papaano kung nagbago ang aking pangalan?

Kung ikaw ay may kapahintulutan ng batas na baguhin ang iyong pangalan dahil sa pag-aasawa, paghi-hiwalay (divorce), pag-uutos ng hukuman o ano mang iba pang kadahilanan, agad mo itong sabihin sa Social Security upang mabigyan ka ng kapalit na tarheta. Mangyaring ipag-bigay alam din ito sa iyong pinagli-lingkuran, kung ikaw ay nagta-trabaho. Kung hindi mo ito ipagbi-bigay alam sa amin, maaring:

- Matatagalan ang iyong perang balik buwis (tax refund); at
- Ang mga sinahod mo ay mahahadlangang wastong maipasok sa iyong talaan ng Social



(kabila)

Security, ito na rin marahil ang kadahilanang pagbaba ng halaga ng iyong tatanggaping benepisiyo sa hinaharap.

Kung kailangan mong palitan ang iyong pangalan sa tarheta ng Social Security mo, nararapat na may mai-pakita ka sa amin ng katibayang kamakailan lamang naibigay sa iyo bilang pagpa-patunay ng iyong pambatasang pagbabago ng pangalan. Ang mga katibayang maaring tanggapin ng Social Security para mapatunayan ang pangbatas na pagpapalit ng pangalan mo ay:

- Katunayang may kasalang naganap;
- Detalyadong pag-aatas ng batas ng paghi-hiwalay na maaari mong baguhin ng hayagan ang iyong pangalan;
- Katibayan ng iyong pagiging Naturalisado na nakikitang may bago ka ng pangalan; o
- Kautusan ng hukuman para mapalitan ang pangalan mo.

Kung ang mga katibayang ipinag-kaloob mo sa amin na may pang-batasang kautusan para palitan ang pangalan mo ay hindi sapat na nagbi-bigay sa amin ng kaalaman para kilalanin ka, mangangailan pa kami na mag-pakita ka ng dalawa pang katunayan ng iyong pagka-kakilanlan, kabilang dito ang:

- Isang katunayan ng dati mong pangalan; at
- Ang pangalawang katunayan ay dapat itong naglalaman ng iyong pambatasang bagong pangalan.

Karagdagan sa iyong pangalan, ang mga katunayang ito ay kailangang mayroong maituturong kaalaman o larawang kamakailan lang kinuha.

Kung ikaw ay mamamayan ng U.S. na isinilang sa labas ng Estados Unidos at hindi namin makita sa aming talaan na ikaw ay isang mamamayan, ka-kailanganin mong mag-kaloob ng katunayan ng iyong pagka-mamamayan ng U.S. Kung hindi ka

naman mamamayan ng U.S., hihilingin ng Social Security na matingnan ang mga pang-kasalukuyan mong pandarayuhang katayuan.

Makikita mo sa bago mong tarheta ang bago mong pangalan. Ang numero mo ay hindi nagbago. Ito ay katulad pa rin ng dati mong numero.

## Papaano ako makasi-siguro na tamang-tama ang aking mga talaan?

Bawat taon, ang iyong pinagli-lingkuran ay nagpa-padala ng kopya ng W-2 (*Wage and Tax Statement—Pahayag ng Sahod at Buwis*) sa Social Security. Ihahambing namin sa aming talaan ng kaalaman ang pangalan at numero ng Social Security mo na nasa W-2. Ang mga kinita mo na natutunghayan sa W-2 ay ida-dagdag namin sa iyong talaan sa Social Security.

Punahing mabuti at siguraduhin na ang pangalan at numero sa tarheta ng Social Security mo ay katulad ng nasa talaan ng payroll sa pinaglilingkuran mo at W-2 upang mai-dagdag namin ang iyong mga kinita sa talaan mo. Dapat mong pamahalaang mabuti na siguradong tama ang mga talaan ng Social Security at ng mga pinaglilingkuran mo. Kung hindi tama ang talaan mo ng Social Security, makipag-bigay alam sa saan mang tanggapan ng Social Security para magawa ang mga pagbabago. Tunghayan ang nai-tatag na W-2 mong nanggaling sa iyong pinaglilingkuran upang maka-tiyak na tama ang mga nakatala dito at kung may mali kang makita, ipag-bigay alam mo sa iyong pinaglilingkuran ang wastong kaalaman.

Maka-katanggap ka ng *Pahayag sa Social Security* (*Social Security Statement*) na nagsasaad ng mga kabuuan ng kinita mo taon taon, kung ikaw ay may edad na 25 taong gulang o mas nakatatanda pa rito at hindi pa tumatanggap ng mga benepisiyo. Suriing muli ang *Pahayag* na ito para masiguradong ang lahat ng iyong mga kinita ay nakasama. Kung sa inaakala

mo na ang *Pahayag* ay kulang, bigyang pahintulot na malaman ng tanggapan ng iyong pinag-lilingkuran at ng Social Security tungkol sa hindi tamang kaalaman.

## Papaano kung ang pang-dayuhan o ang pagka-mamamayan kong katayuan ay magbago?

Dapat mong ipag-bigay alam sa Social Security kung ang katayuan mong pang-dayuhan ay nagbago o kung ikaw ay naging mamamayan na ng U.S., upang baguhin ang kaalaman ng mga talaan mo. Para maiwasto ang pang-darayuhan mong katayuan o ang pagka-mamamayan mo, kailangang mag-pakita ka sa amin ng mga katunayang nagpa-patunay ng bago mong katayuan o pagka-mamamayan. May ilang tiyak na mga katunayan ang maaari lang naming matanggap bilang pagpa-patunay ng iyong pagka-mamamayan para sa bago at kapalit na mga tarheta. Kabilang dito ang iyong pasaporte ng U.S., ang Katibayan ng iyong pagka Naturalisado o ang katibayan ng pagka Mamamayan. Kung ikaw ay hindi mamamayan ng U.S., hihilingin ng Social Security na makita ang iyong pang-darayuhang mga katunayang pang-kasalukuyan.

## Papaano kung ang tarheta ay nawala o kaya naman ninakaw?

Maka-kakuha ka ng libreng kapalit ng iyong tarheta o ng tarheta ng anak mo kung ito ay nawala o ninakaw. Ganoon pa man, sa loob ng isang taon ang mga kapalit na makukuha mo ay hanggang sa tatlo lamang o sampu habang buhay. Hindi kabilang sa hangganang ito ang mga pambatasang pagpa-palit ng pangalan o mga iba pang itinatanging kaganapan. Ang halimbawa para sa mga pagbabago na hindi mapapabilang ay pagbabago ng katayuan ng iyong hindi pagka-mamamayan na nanga-ngailangan ng pagbabago sa tarheta, bukod pa rito, ikaw ay

maaaring hindi maapektuhan ng pagbabago kung mapapatunayan mong kailangan mo ang tarheta para mahadlangan ang makahulugang paghihirap.

Upang makakuha ng kapalit na tarheta, kakailanganin mong:

- Buuin ang *Aplikasyon Para Sa Tarheta Ng Social Security* (Form SS-5-TL);
- Magpakita ng katunayan na napasa-iyo kamakailan lang para matunghayan ang iyong pagkaka-kilanlan;
- Magbigay ng katibayan ng pagiging pagka-mamamayan mo ng U.S. kung ikaw ay ipinanganak sa labas ng United States at wala kang naipakitang katunayan ng pagiging pagka-mamamayan ng nakuha mo ang iyong tarheta at
- Magkaloob ng kamakailan lang na katibayan ng iyong kasalukuyang hindi pagka-mamamayang katayuan kung ikaw ay hindi mamamayan ng U.S.

Ang iyong kapalit na tarheta ay magkaroon ng kagayang pangalan at numero ng dati mong tarhaeta.

## Papaano ko mapa-pangalagaan ang numero ng Social Security ko?

Paka-iwasan ang pagbi-bigay ng numero mo ng Social Security kung hindi kinakailangan at dapat mong tratuhin ang kaalamang ito ng lihim. Kailangan itago ang tarheta mo ng Social Security sa ligtas na lugar kasama ng iba mo pang mga mahahalagang papeles. Huwag mo itong dadala-dalahin maliban sa kung kailangan mong ipakita ito sa iyong pinagli-lingkuran o iba pang nagka-kaloob ng pagli-lingkod.

Ibat-ibang paraan ang ginagawa namin para mapangalagaan ang numero mo upang mahahadlangan ang walang pahintulot na paggagamit nito. Halimbawa, kinakailangan at pinaka-iingatan naming suriin ang katunayan ng pagkaka-kilanlan ng tao na nagha-hain ng kapalit

o nawala o ninakaw na mga tarheta ng Social Security, o para sa mga wawastuhing tarheta. Ang isang dahilan kung bakit namin ginagawa ito ay upang mahadlangan ang mga tao na kukuha ng mga numero ng Social Security para makapag-tatag ng mga huwad na pagka-kakilanlan. Pina-nanatilihan namin ang paglilihim ng mga talaan ng Social Security maliban kung:

- Naatasan kami ng batas na isiwalat ang kaalamang ito sa iba pang sangay ng pamahalaan; o
- Kina-kailangan ang iyong kaalaman upang mapangasiwaan ang Social Security mo o ang iba pang programa ng pamahalaan para sa kalusugan o pang-gawaing programa ng welfare (kapakanan).

Paka-ingatan ng husto ang pagba-bahagi ng numero at tarheta mo para na rin mapanga-lagaan ang iyong numero laban sa pang-aabuso. Ang pagka-kaloob ng numero mo ay kusang-loob kahit na deretsahan itong hinihingi sa iyo. Kung ikaw ay napaki-usapan, dapat kang mag-tanong kung:

- Bakit kinakailangan ang numero mo;
- Sa papaanong paraan gagamitin ang iyong numero;
- Ano ang mangyayari kung hindi ka papayag; at
- Anong pang-batasan ang nag-uutos na ibigay mo ang iyong numero.

Ang mga kasagutan sa mga katanungang ito ay makakatulong sa iyo na mag-pasiya kung nanaisin mong ipag-kaloob ang iyong numero ng Social Security. Nasa sa iyo ang pagpa-pasya.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin

ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng tagapagsalin sa pag-aasikaso ng iyong gawain sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito na libre. Ang mga serbisyo ng tagapagsalin ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang tagapagsalin ng Tagalog ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang gawain mo sa telepono, ikukuha ka namin ng tipanan para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may tagapagsalin ngTagalog doon sa oras ng iyong pag-bisita o pagtawag.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10002-TL
Your Social Security Number And Card (Tagalog)
October 2006